# Kagalakan sa Paglilingkod sa Diyos

A Lord's Flock General Assembly Topic
By: Bro. Bobby Rodriguez,Elder-Founder
Hunyo 18, 2022

Tayo ay nilikha ng Diyos para magkaroon ng buhay na may layuning makilala, mahalin, magkaroon ng takot at paggalang sa Kanya. Tayo rin ay inuutusang sumunod sa Kanyang mga utos, papurihan at paglingkuran Siya nang buong puso, kaluluwa, isipan at buong lakas. Dagdag pa nito, inuutusan din Niya tayo na ipalaganap ang Kanyang Salita at ipagawa rin sa kapwa. Gayunpaman, kailangan natin Siyang paglingkuran nang may galak at kasiyahan na ipinapakita sa paglilingkod hindi lamang sa Diyos kundi sa mga tao na nasa laylayan ng lipunan.

**1. Mga benepisyo ng naglilingkod sa Diyos nang may kagalakan:**

**1.1 Gantimpala** (Colosas 3:24). May gantimpala ang naglilingkod sa Diyos nang may galak.

**1.2 Kagalingan** (Exodo 23:25). Ilalayo sa anumang karamdaman.

**1.3 Pagpapala** (Duet.11:13-14). Ibubuhos ng Diyos ang umaapaw na biyaya.

**1.4 Kasaganaan at Kasiyahan** (Job 36:11). Mamumuhay tayo nang sagana at payapa.

**2. Ano ang ginawa ng Diyos sa buhay ni Tatay Bob noong siya ay sumunod at naglingkod sa Diyos:**

2.1 **Binago ng Diyos ang buhay ni Tatay Bob** (2Cor.5:17). Naging makasalanan siya, madaling matukso dahil sa kakulangan ng kanyang pananampalataya. Noong pumasok siya sa *Renewal,* taimtim siyang nagsisi. Pagkatapos, nagkaroon siya ng bagong anyo at buhay. Bago siya nagkaroon ng bagong anyo at buhay,

2.1.1 punong-puno ng sumpa ang kanyang mga ang salita; natuto siyang magdasal nang taimtim at magpuri sa Diyos.

2.1.2 nananakit siya; naging mapagpakumbaba at matiisin.

2.1.3 malaswa ang kanyang pag-iisip; naging malinis ang kanyang kunsensya.

2.1.4 makamundo ang kanyang mga hangarin; hinangad na niyang maglingkod sa Diyos hanggat siya'y nabubuhay.

2.1.5 pagkakaroon ng maraming pera ang kanyang prioridad; natutong umasa sa Diyos sa bawat ginagawa niyang desisyon.

2.1.6 "wala siyang pakialam" sa kapwa; pinapahalagahan na niya ang kanyang responsibilidad na alagaan ang "kawan"

2.1.7 nasira ang relasyon niya kay Soar; nabuo muli ang kanilang relasyon.

**3. Noong tinanggap ni Tatay Bob nang buong puso ang Diyos, inihayag niya ang mga sumusunod:**

3.1 Naging maayos at payapa ang aking buhay.
3.2 Namatay si Hesus para sa akin (Roma 5:8).
3.3 Pinadala ng Diyos Ama ang Kanyang Anak para ako'y maligtas (Juan 3:16).
3.4 Ang pag-ibig Niya sa akin ay walang hanggan (Jer.31:3).
3.5 Ang Kanyang plano ay para sa aking kabutihan (Jer.29:11).
3.6 Hindi Niya ako iniiwan kung ako ay may suliranin at pagsubok (Mateo 19:29).
3.7 Binibigyan Niya ako ng daan upang mapagtagumpayan ang aking mga suliranin (1Cor.10:13).
3.8 Pinagaling Niya ako (Jer. 37:10).
3.9 May bahay na ako sa langit (Juan 14:2-3).

**Konklusyon:**

Ang tunay nating layunin ay magmahal, yakapin ang mga kautusan ng Diyos, ipalaganap ang Kanyang Salita at paglingkuran Siya nang buong puso at may kagalakan. Inialay Niya ang Kanyang buhay upang maligtas tayo sa panlilinlang ni Satanas. Kaya't nararapat lang na papurihan at pasalamatan natin Siya. Laging itanim ito sa ating puso at isipan. Bunga nito, gagantimpalan tayo ng Diyos pati ang ating pamilya ng umaapaw na biyaya - kapayapaan at kasaganaan.

**Pagninilay:**

1. Alam mo ba ang totoo mong layunin sa buhay?
2. Nauunawaan mo ba ang halaga ng pagpupuri sa Diyos?
3. Bakit isinakripisyo ng Diyos ang kaisa-isa Niyang anak para sa iyo?
4. Humihiling ka ba sa Diyos nang buong puso na baguhin ang iyong buhay at iadya ka sa masama?

**Isinalin ni:** Sis. Thess P.Sarmiento
**Na-edit ni :** Sis Nida Cruz
**Inaprobahan ni:** Sis. Vera I. Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials
Tags:#Panalangin #Pagbabago